9

# Learning Activity Sheet
# Filipino 9
# Kuwarter 3 – MELC 3

## Paggamit sa Pangungusap ng mga Matalinghagang Pahayag



**REGION VI-KANLURANG VISAYAS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS) Blg.3**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet-Filipino 9**

**Manunulat:** Ofelia S. Alegado
**Tagaguhit :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa Perly M. Mapa
Cynthia C. Caspe Angela Mae D. Lim
Rosie C. Cabus Marie Antoniette M. Villar

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico, Ed.D., CESO VI
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

**Para sa mga mag-aaral:** Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 3**

Pangalan:______________________________Grado at Seksiyon:_______________

Petsa: _____________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

**Paggamit sa Pangungusap ng mga Matalinghagang Pahayag**

# I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang matalinghagang pahayag

**F9WG- IIIa-53**

# II. Panimula (Susing Konsepto)

Ang may-akda ay may iba't ibang estilo sa paghahatid ng kanilang mensahe sa mga mambabasa. Ito ay upang mas lalong mapukaw ang kanilang interes at kamalayan. Sa araling ito ay pag-aaralan natin ang mga mga matalinghagang pahayag.

Mahalaga ang paggamit ng matalinghagang pahayag. Dito nahuhubog ang ating intelektwal na kaisipan. Nagkakaroon din tayo ng mas malalim na pag-unawa at pag- aaral sa mga salita na ang akala natin ay simple lamang. Nahihimok din tayo na payabungin at mas palaganapin ang wikang sariling atin.

Ang **matalinghagang pahayag** ay may malalim o hindi tiyak na kahulugan. Sinasalamin ng paggamit nito ang kagandahan at pagkamalikhain ng wikang Filipino.

**Mga halimbawa ng matalinghagang pahayag at ang gamit nito sa pangungusap**

1. Sampung ulo – marami ang nagpasya
   <u>Sampung ulo</u> ang nagpasya kung hindi na muling bubuksan ang negosyo..
2. Pitong bibig- pitong katao
   Kailangan niyang magtrabaho nang husto dahil <u>pitong bibig</u> ang kaniyang pinakakain.
3. Bumaha ng luha- maraming tao ang umiyak
   <u>Bumaha ng luha</u> sa kanilang pamilya nang pumanaw ang ama ng tahanan.
4. Nagluksa ang langit – nalungkot nang matindi ang marami
   <u>Nagluksa ang langit</u> nang mamatay si Princess Diana.
5. Bungang-tulog – panaginip
   <u>May mga bungang tulog na maaaring magkatotoo</u>.

# III. Sanggunian

Aklat:

Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.

SEDP IV pahina 74

# IV. Mga Gawain

**Gawain 1**

Panuto: Basahin ang diyalogo sa ibaba at bigyang kahulugan ang mga matalinghagang salita na nasalungguhitan sa loob ng pangungusap.. Letra lamang ang isulat.

Aling Leny : Kumare, nagmahabang dulang na pala ang anak ni Felisang Igme.
Ka Tinay : Oo nga, Mare, kaya lamang, tila isang kahig isang tuka rin ang Kauuwian ng mga pinagbuklod.
Aling Leny : Susmaryosep! Huwag naman sana pagkat pagnagkataon, kung ano ang Puno ay siya ring bunga.
Ka Tinay : Iyan na nga ang daing nina Felisa at Igme pagkat maliwanag na ang nila Ay kumuha ng batong pamukpok sa kanyang ulo.
Aling Leny : Kaasi naman, Ka Tinay , matigas ang ulo ng anak nila. Hindi mapigil sa Kaibigan.
Ka Tinay : Pinipigil nga sana, pagkat ang napangasawa ay nagbibilang ng poste..
Aling Leny : Siguro kailangan ang kamay na bakal para mapaayos ang kanilang Anak.
Ka Tinay : Hindi naman siguro, kaya lamang ,tila may gatas pa sa bibig ay sumulong na agad sa paglagay sa tahimik.

**Pagbibigay kahulugan**

1. Ang anak ni Aling Felisa ay balak mag- aasawa, kaya lang <u>isang kahig isang tuka</u> ang kahinatnatna ng kanilang pamumuhay.
   A. Miserable B. Matiwasay C. mahirap D. Kaginhawaan
2. <u>Nagmahabang dulang</u> na ang anak ni Aling Felisa.
   A. Nagpakasal B. Nag- aaral C. Nagtrabaho D. Nag abroad
3. Ang kaniyang napapangasawa ang <u>nagbibilang ng poste.</u>
   A. nagtatarabaho B. walang trabaho C. nagsisikap D. nag- aaral
4. Kailangan ang <u>kamay na bakal</u> upang mapaayos ang ugali ng kaniyang anak.
   A. Payo B. edukasyon C. karangyaan D. paghihigpit
5. Tila <u>may gatas pa sa labi</u> ang kaniyang napapangasawa.
   A. bata pa B. matanda na C. dalaga na D. nag- aaral pa

**Gawain II**

Panuto: Hanapin ang angkop na matalinghagang pahayag sa hanay B upang maging kumpleto ang diwa ng pangungusap sa hanay **A.** Letra lamang ang isulat.

| A. | B |
|---|---|
| 1. Walang _______ nang ipagdiwang niya ang kanyang kaarawan | A. nagsusunog ng kilay |
| 2. Nagmistulang _______ si Eduardo nang bumagsak siya sa pagsusulit. | B. Bukas palad |
| 3. May mga mag- aaral na ______ kung malapit na lamang ang pagsusulit. | C. Amoy ang kalan |
| 6. Si Mang Ambo ay ______ sa mga mahihirap. | D. Naniningalang pugad |
| 7. Balak nang magkasintahang Leony at Edel na ______ sa susunod na taon. | E. Basing sisiw |
| | F. Mag-iisang dibdib |

Ngayon siguro, handa na kayong sumulat ng mga pangungusap gamit ang mga matalinghagang pahayag. Sundin lamang ang panuto sa ibaba.

Panuto: Gamitin ang sumusunod na matalinghagang pahayag sa pagsulat ng pangungusap

1, hindi masikmura
2. nagmumurang kamyas
3. sumakabilang buhay
4. landas na mabulaklak
5. palabas lamang

**Tandaan:**

Ang **matalinghagang pahayag** ay may malalim o hindi tiyak na kahulugan. Sinasalamin ng paggamit nito ang kagandahan at pagkamalikhain ng wikang Filipino.

# V. Repleksiyon

Bilang isang mag- aaral, bakit mahalagang gamitin ang matalinghagang pananalita o matalinghagang pahayag sa pagsulat ng isang pangungusap o sa isang akda?

______________________________________________

______________________________________________

# VI. Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto

Gawain 1.

1. C
2. A
3. A
4. D
5. A

Gawain II

1 .C.
2. E
3. A
4 .B
5. F

Gawain III

Nakadepende sa mga mag-aaral